



Mga Pagpipilian para sa Mga Estudyanteng Hindi Magtatapos Pagkatapos ng Apat na Taong Mataas na Paaralan

Ang mga estudyanteng hindi natugunan ang mga pangangailangan nila upang makatapos ng mataas na paaralan AT hindi nakatamo ng regular na diplomang pang-mataas na paaralan ay nararapat para sa libreng edukasyong pampubliko sa buong taong pasukan na kung saan magiging 21 na taong gulang sila. Kasama rito ang mga estudyanteng mas bata sa 21 na nakatamo ng sertipikong katumbas ng mataas na paaralan o nakaparehistro sa:

- Mga programa sa karera (career) at teknikal na pag-aaral kasama ang 'skills center (sentro ng kasanayan)';
- Transisyonal na mga programa sa pagtuturo ng bilingguwal o kakayahan sa paggamit ng dalawang wika;
- Mga programa sa Espesyal na Edukasyon (Special education); O
- Mga programa sa edukasyon ng mga dayuhan (Migrant education).

Patuloy na tatanggap ang mga mataas na paaralan at mga distrito ng eskuwelahan ng Basic Education Allocation (BEA-Pangunahing Nilaan para sa Edukasyon) at ano mang iba pang pagpondo na nililikha ng mga estudyanteng ito.

MGA PAGPIPIILIAN NA WALANG BAYAD (FREE OPTIONS)

Mga pagpipilian na libre ay maaaring makuha ng mga estudyanteng HINDI magtatapos pagkatapos ng apat na mga taong pag-aaral sa mataas na paaralan at nais na magampanan ang mga pangangailangan nila sa pagtatapos ng mataas na paaralan. Ang mga pagpipilian ay ang mga:

- 1. Patuloy na Pagkaparehistro/Pagsali sa Mataas na Paaralan:** Lahat ng mga estudyante ay angkop na pumasok sa kanilang kinalalagyang mataas na paaralan sa buong taong pasukan na kung saan magiging 21 na taong gulang sila.
- 2. Pagpaparehistro/Pagsali sa Programang Pangkumpleto ng Mataas na Paaralan ng Distrito ng Eskuwelahan:** Maaring makipagkontrata ang mga distrito ng eskuwelahan sa mga kolehiyong pangkomunidad (community colleges) upang maghandog ng walang bayad na mga programa sa pagkumpleto ng mataas na paaralan sa mga estudyanteng nakaparehistro pa rin sa kanilang kinalalagyang distritong eskuwelahan. Sa pagkumpleto ng programa, tatanggap ng pangmataas na paaralang diploma ang mga estudyante mula sa distritong iyan.
- 3. Patuloy sa Running Start:** Ang mga estudyanteng nakilahok sa Running Start samantalang nasa kanilang ika-11 at ika-12 na mga gradong taon ngunit hindi nakumpleto ang mga klaseng inaaatas para sa pagtatapos ng mataas na paaralan ay maaring ipagpatuloy ang kanilang pakikilahok sa Running Start, ngunit kukunin lamang ang mga klase sa pamamagitan ng Running Start ang kanilang hindi naipasa o hindi nakumpleto at na kailangan upang makatamo ng pangmaas na paaralang diploma. (Pinapahintulutan ng programang Running Start ang karapat-dapat na

mga estudyanteng nasa ika-11 at ika-12 na grado na makakuha ng mga klase sa kolehiyo na walang bayad ang matrikula at matipon ang kredito sa parehong mataas na paaralan at kolehiyo para sa iyang mga klase.)

- 4. Open Doors (Bukas na pinto) [1418] Youth Reengagement (Pagpapasali muli para sa kabataan):** Programang pinapatakbo ng distrito o pagsasamahan ng distrito at kolehiyo, ESD o base sa komunidad na organisasyon na nagbibigay ng:
 - Pagtuturong akademya, kasama ang preparasyon sa pagtamo ng sertipikong katumbas ang mataas na paaralan, mga kagalingang pang-akademya at kolehiyo at preparasyon sa pagiging handa sa trabaho, na lilikha ng kreditong pangmataas na paaralan para sa diploma at may layunin na pang-akademya at pagiging handa sa pagtatrabaho.
 - Pagtuturo ng nasertipikaduhang mga guro o mga guro ng kolehiyo na ang mga karanasan ay napatunayan ng kolehiyo.
 - Pangangasiwa ng kaso, pagpapayo at mga serbisyong pagkukuhaan ng impormasyong makakatulong at pakikipagsangguni.
 - Oportunidad para sa kuwalipikadong mga estudyante na magparehistro sa mga kurso sa koleheyo na libre ang matrikula, kung ang tagabigay ng serbisyo sa programa ay isang kolehiyo.

Para sa dagdag pang impormasyon, pakibisita ang www.k12.wa.us/GATE/SupportingStudents/StudentRetrieval.aspx.

(pinagpapapatuloy)

Mga Pagpipilian para sa Mga Estudyante Na Hindi Magtatapos Pagkatapos ng Apat na Taong Mataas Na Paaralan, pinagpapatuloy

Ang mga estudyanteng hindi magtatapos pagkatapos ng apat na mga taong pag-aaral sa mataas na paaralan ay mayroon ring magagamit na may bayad na pagpipilian kung pipiliin nilang hindi babalik sa mataas na paaralan.

MGA MAY BAYAD NAPAGPIPIILIAN (PAID OPTIONS)

Mayroong magagamit na mga may bayad na pagpipilian (paid options) para sa mga estudyanteng HINDI magtatapos pagkatapos ng apat na mga taong pag-aaral sa mataas na paaralan at nais na magampanan ang mga pangangailangan nila sa pagtatapos ng mataas na paaralan. Ang mga pagpipilian ay ang mga:

- 1. Pagparehistro/Pagsali sa isang Programang Pangkumpleto ng Mataas na Paaralan sa Kolehiyong Komunidad at Teknikal (Community and Technical College High School Completion Program):** May ilang mga kolehiyong pangkomunidad sa estado ay naghahandog ng mga programa sa pangkumpleto ng mataas na paaralan, nagbibigay sa mga estudyante ng diploma sa mataas na paaralan galing *mula sa kolehiyo*. Kailangan na umalis ang mga estudyante sa kanilang kinalalagyang mataas na paaralan upang maparehistro sa mga programang ito. Sa karamihang mga kaso, sinisingil ang mga estudyante ng matrikula at bayad (tuition and fees) sa pagpaparehistro/pagsali, bagaman may mga kapangyarihan ang mga kolehiyo na i-urong (waive) na ang matrikula at mga bayad para sa mga estudyanteng 19 at mas matanda pa. Dapat magkaroon ang mga estudyanteng 16 hanggang 18 ang taong gulang ng napirmahang pagpapalaya mula sa kanilang kinalalagyang distritong eskuwelahan upang makapagparehistro/makasali sa isang programang pangkumpleto ng mataas na paaralan sa isang kolehiyong komunidad.
- 2. Magsikap na matamo ang Sertipikong Katumbas ang Mataas na Paaralan (High School Equivalency Certificate):** Maaring makatamo ang mga estudyanteng 16 at mas matanda pa ng sertipikong katumbas ang mataas na paaralan sa pamamagitan ng pagpasa sa mga inaaatas na mga pagsusulit sa pamamagitan ng programa sa pangkumpleto ng mataas na paaralan. Upang makuha ang mga pagsusulit dapat ang mga estudyante ay huminto na mula sa o iniwan na ang kanilang kinalalagyang mataas na paaralan. Pang estado na komunidad at mga teknikal na kolehiyo ay ang mga opisyal na sentro na pagkukunan ng pagsusulit para sa mga sertipikong katumbas ang mataas na paaralan. Magbabayad ang mga estudyante ng mga bayarin para sa (mga)pagtatasa at maaring magbayad ng matrikula at mga bayad (tuition and fees)

para sa mga kursong paghahanda na hinahandog sa pamamagitan ng mga kolehiyong pangkomunidad at teknikal. Ang sertipiko ay hindi katulad ng diplomang sa mataas na paaralan at ang mga estudyante na magtatamo ng sertipikong katumbas ang mataas na paaralan ay ibinibilang bilang mga hindi nakatapos ng pag-aaral o napilitang huminto ng pag-aaral (dropouts) para sa mga layuning pananagutang mataas na paaralan. Gayonpaman, ang mga estudyante na kulang sa 21 ang gulang at mayroong sertipikong katumbas ang mataas na paaralan ay maari pa rin nilang magampanan ang mga pangangailangan nila sa pagtatapos ng mataas na paaralan at magtamo ng kanilang diploma. (Tingnan ang Mga Pagpili na Walang Bayad No. 1 at 2 sa itaas.)

- 3. Magparehistro sa isang Pampublikong Dalawa- o Apat na Taong Kolehiyo o Unibersidad:** Wala sa mga kolehiyong pampubliko at mga unibersidad sa Washington na nag-aatas sa mga estudyante na magkaroon ng diplomang pangmataas na paaralan upang matanggap, bagaman ang diplomang pangmataas na paaralan ay malaki-laking magpapadagdag sa mga kapalarang matanggap sa mga institusyong pang-apat na taon ng estado. Ang mga estudyanteng walang diploma sa mataas na paaralan na magpaparehistro sa mga kolehiyo at unibersidad ay magbabayad nang buo na matrikula at mga bayad (tuition and fees) kagaya ng lahat ng mga iba pang mga estudyante. Ang mga estudyanteng walang diploma sa mataas na paaralan o sertipikong katumbas ng mataas na paaralan ay maaring hindi karapat-dapat para sa ilang tulong pinansiyal na pederal, estado o pribado.